Sistema ng paglinang sa talino ang edukasyon. Isa itong unti-unti at antas-antas na proseso sa pedagohiya o pagtuturo at pag-aaral. Nakaprograma sa paaralan o akademya ang paglinang sa talino, agham at sining ang timbulan ng pedagohiya. Isip ang pinagtutuunan ng pedagohiya. Sa diwang ito ang sistema ng edukasyon ng lipunang Pilipino—sa simulain. Layunin at gawain—ay dapat na mabulas na tumutugon sa adhikain ng lipunan, layunin ng mga mamamayan at kagustuhan ng bayan sa pamumuhay na matiwasay at maunlad. Malusog at malikhain kamalayang panlipunan ang pinagsisikhayang linangin ng mga iskolar o pantas ng buhay ng lipunan. Taliwas sa nabanggit ang katotohanang umiiral sa sistema ng edukasyon. Marurunong ang produkto ng umiiral na sistema ng edukasyon. Marurunong ang produkto ng umiiral na sistema ng edukasyon. Marurunong na tanga o intelektwal idyot ang mga tituladong nakalatag sa ibat-ibang propesyon. Marunong ang taong may mga kaalaman sa isip. Idyot ang walang kamuwangan sa realidad ng buhay. Ang kabuluhan ng karunungan ay laging nasa kapakinabangan at kabutihan ng lipunan. Lipunan ay may-ari ng karunungan. Prangkisa, sa anyo ng lisensya, ang pahintulot na ipinagkakaloob ng lipunan sa mga propesyunal—guro, doktor, inhenyero atbp.—sa paggamit ng kanilang karunungan na may kabayaran ang serbisyo sa lipunan. Hindi, kailanman sa pangkalahatan, inaalintana ng mga propesyunal ang kagalingang panlipunan sa kanilang opisyo o paghahanapbuhay. Mahina o tahasang wala sa talino ng mga propesyonal yaong pagpapahalagang pantao, panlipunan, pambayan at pambansa. Makasarili ang mga propesyonal. Hatid ito ng napakasamang sistemang sosyal na malakolonyal at malapyudal na tahasang siklo sa reyalidad ng ekonomiya, pulitika at hanggang sa antas ng kultura. Sa pagkatao, napupukaw ang pagkamakasarili dahil tandisang nakasanib sa kamalayang panlipunan ang kalikasang hayop at nakatining ito sa kultura ng bayan. Matira-matibay ang pilosopiya ng buhay sa lipunang Pilipino. Sapagkat nabuo na ng kabihasnan ang kolektibong 11 sarili sa kilatis ng katauhan ng mga uri ng pagkatao sa lipunan. Nagmamalasakitan ang iwing kolektibong sarili sa kauri na kapinsalaan o kapahamakan naman ng ibang uri. Nagagatungan pa ang pansariling tendensya ng magkakahidwaang kolektibong sarili sa mga uri ng mga tao sa lipunang Pilipino ng kaisipang rehiyonalismo. Isang anyo ng kulturang pyudal ang rehiyonalismo—makitid sa pananaw ng katuturan ng salimuhaang panlipunan na balakid sa pambayan at pambansang kagalingan. Ang mapaminsalang talino ng mga Pilipino, sa punto ng kabutihang panlipunan at kagalingang pambansa, ay dulot ng dispalinghadong edukasyong itinataguyod ng paaralan o akademya. Katunayan, tinutulan nga ng mga kabataang estudyante ang edukasyong komersyal, kolonyal at pormalistiko. Aktibong mawawasak ang pagkamakasarili sa kolektibong sarili ng mga uri ng pagkatao sa lipunan sa pamamagitan lamang ng karunungang Pilipino, na mula sa mga karanasan ng sambayanang Pilipino sa Luzon, Visayas at Mindanaw—sinisinop ng akademya—para sa kaunlaran ng bansa at kabutihan ng sambayanang Pilipino. Wikang Filipino, na bigkis ng ibaibang wikang lalawiganin o bernakular, ang tanging makalilinang sa talino ng sambayanan na makatao, makalipunan, makabayan at may pandaigdigang pananaw. Sa dinamismo ng talinong makalipunan mapaghuhunos sa katauhan ang makasariling tendensya. Ang uri ng pagkatao na pangunahing itinatakda sa relasyon sa produksyon ng yamang panlipunan ay gradwal na mapupurga (itatakwil ang kahayupan sa sarili) sa radikal na paglilinis sa katauhan ng edukasyong makatao. Titining sa kultura ng bayan ang diwang makatao. Epistemolohiya, agham ng karunungan, ang lunsaran at sinupan ng

تم تلخيص النص بواسطة موقع لخصلي © lakhasly.com

pambansang karunungan na Filipinolohiya: pilosopiyang Pilipino, lohikang Pilipino at paninindigang Pilipino. Sa katuturang akademiko ang Filipinolohiya ay ukol sa mga kursong dapat bukal ng mga katalinuhang panlipunan na inter-aktibong pinagsisikhayan ng guro at estudyante sa sitwasyong pedagohikal. Totoo, mabuti at maganda sa pambansang praxis (aksiyon at repleksyon) na sinisihop sa agham at sining na sasalamin sa kabutihan ng lipunan ang tungkulin ng akademya na Filipinolohiya ang oryentasyon. May pananagutan ang mga guro sa akademya sa pananatili ng mapaminsalang talinong nakasanib sa kamalayang panlipunan ng kabihasnang Pilipino. Dapat magtika ang kaguruan at magiting na harapin ang marawal at malagim na reyalidad sa lipunan. Mababago nila ang reyalidad kung babaguhin muna ng kaguruan ang angking talinong hinubog ng pormal na maling edukasyon. Inuuk-ok ng mapaminsalang talino ang bait/katinuan ng kaguruan sa partikular at sa pangkalahatan ang diwang makabayan at progresibo na maghahatid sa lipunan sa kaluwalhatian. Masakit ilahad ngunit ito ang totoo: sa mapanuring pagkukuro, mistulang punerarya ng utak ang akademya at ang mga guro ay embalsamador ng talino. Masakit ang katotohanan ngunit nagtuturo.

تم تلخيص النص بواسطة موقع لخصلي © lakhasly.com